## Buod ng mga  hakbang para sa pamamahala ng mga positibong kaso

Ang Konseho ng mga Ministro na may atas na batas noong Pebrero 4, 2022 n.5, ay nag-apruba ng "*Mga agarang hakbang patungkol sa COVID-19 green certifications at para sa pagsasagawa ng mga aktibidad sa sistema ng edukasyon, paaralan at pagsasanay"* at ipinakilala ang **mga bagong panuntunan** tungkol sa mga **quarantine sa paaralan**.

Inilista namin ang buod ng mga bagong hakbang:

Gaya ng ipinaliwanag sa press release mula sa Konseho ng mga Ministro, para sa mga quarantine sa paaralan, ang pagkakaiba ay ginawa sa pagitan ng mga kaso na nagaganap sa mga kindergarten, elementarya, mababa at mataas na sekondaryang paaralan.

Itinatag na :

- **sa paaralan ng mga musmos – serbisyong pang -edukasyon**

Kung mangyari ang mga ito

| **Hanggang sa 4 na kasong positibo sa COVID-19 sa mga mag-aaral** | **Higit pa sa 5 kasong positibo sa COVID-19 sa mga ma-aaral na nasa iisang seksiyon** |
|---|---|
| - patuloy ang mga aktibidad ng **harapan (in presenza)**<br><br>- Gagamit ang mga guro at ang mga edukador ng **maskarang FFP2 sa loob ng sampung araw** pagkatapos malaman ng klase ang huling kumpirmadong positibong kaso ng Covid -19<br><br>- Kung **lumitaw ang mga sintomas, ipinag-uutos na ang mga mag-aaral ay mag-self-administered antigen rapid test** o molecular test<br><br>- Kung ang **mga sintomas** ng COVID 19 ay mayroon **pa rin**, **ang pagsusuri ay dapat na ulitin mula sa ikalimang araw pagkatapos ng huling pakikipag-ugnayan** sa isang taong nagpositibo sa Covid -19 kung saan ito nakipag-ugnayan. | - Sususpindihin **ang mga aktibidad sa pagtuturo nang harapan (in presenza) sa loob ng 5 araw**<br><br>- Gagamit ang mga guro at mga edukador ng **maskarang FFP2 sa loob ng sampung araw** pagkatapos malaman ng klase ang huling kumpirmadong positibong kaso ng Covid -19.<br><br>- Kung **lumitaw ang mga sintomas, ipinag-uutos na ang mga mag-aaral ay mag- self-administered antigen rapid test** molecular test.<br><br>- Kung ang **mga sintomas ng** COVID 19 ay mayroon **pa rin**, **ang pagsusuri ay dapat na ulitin mula sa ikalimang araw pagkatapos ng huling pakikipag-ugnayan** sa isang taong nagpositibo sa Covid -19 kung saan ito nakipag-ugnayan. |

. **sa primary school**

Kung mangyari ang mga ito

| **Hanggang 4 na kasong positibo sa COVID-19 sa mga mag-aaral sa parehas na seksiyon** | **Hanggang 5 kasong positibo sa COVID-19 sa mga mag-aaral sa parehas na seksiyon** |
|---|---|
| - **patuloy ang didaktikong aktibidad ng harapan (in presenza)sa paggamit ng mga maskarang FFP2** ng mga guro at mag-aaral na higit sa 6 na taong gulang at hanggang sa ikasampung araw pagkatapos ng kaalaman sa huling nakumpirmang positibong kaso sa COVID-19<br><br>- **Sapilitan na magsagawa ng self-administered antigen rapid test o molekular test sa unang paglitaw ng mga sintomas** at, kung may sintomas pa rin, **ang test ay dapat na ulitin sa ikalimang araw** mula sa petsa ng huling pakikipag-ugnayan sa taong natiyak na positibo sa Covid- 19 | - para sa mga nakakumpleto ng cycle ng pagbabakuna nang wala pang 120 araw o gumaling nang wala pang 120 araw o nagsagawa ng booster dose ng bakuna, **ang aktibidad sa pagtuturo ay magpapatuloy ng harapan (in presenza) sa paggamit ng FFP2 mask** ng mga guro atmga mag-aaral na higit sa 6 taong gulang sa **loob ng sampung araw;**<br><br>- Para sa lahat ng mga mag-aaral ang mga aktibidad ay ipagpapatuloy sa integrated digital teachings (online) ng 5 limang araw |
| **Upang manatili sa silid-aralan, ipakita lamang ang Green Pass / berdeng sertipikasyon, na susuriin sa pamamagitan ng mobile App.** | |

## ● sa paaralang sekundarya ng mababa at mataas na grado

**Kung mangyari ang mga ito**

| **kapag may isang kasong positibo sa mga mag-aaral sa parehas na klase** | **kapag may dalawa o higit pang kasong positibo sa parehas na klase** |
|---|---|
| - ang aktibidad sa pagtuturo ay magpapatuloy ng harapan (in presenza) para sa lahat sa paggamit ng type FFP2 mask ng mga mag-aaral at guro | - Ang mga nabakunahan at ang mga gumaling nang wala pang 120 araw o nakatapos ng pangunang siklo ng bakuna, ang mga nabakunahan ng booster dose at ang mga exempted sa bakuna ay magpapatuloy sa didaktikong aktibidad ng harapan (in presenza) sa paggamit ng FFP2 mask sa loob ng sampung araw; para sa lahat ng iba pang mga mag-aaral, ang mga aktibidad sa paaralan ay magpapatuloy sa pamamagitan ng integrated digital teachings sa loob ng 5 araw**.** |
| **Upang manatili sa silid-aralan, ipakita lamang ang Green Pass / berdeng sertipikasyon, na susuriin sa pamamagitan ng isang mobile App** | |

**Pamamahala sa Pangkalusugan**
Sa lima o higit pang mga kaso ng positibo sa mga serbisyo sa edukasyon sa mga batang musmos, sa kindergarten at elementarya at kung may dalawa o higit pang mga kasong positibo sa mababa at mataas na sekondaryang paaralan, ang ay ilalapat sa mga bata at mag-aaral ang pangangasiwa sa kalusugan ng **sariling pagsubaybay**.

Ang sariling pagsubaybay ( o self-diagnosis) ay hindi nag-oobliga sa isang taong nagkaroon ng malapit na pakikipag-ugnayan sa isang positibo na manatili sa bahay na maghihintay upang suriin kung siya ay nahawa o hindi ng virus, ngunit may posibilidad na lumabas at mamuhay nang "normal" na may paggalang sa ilang mga pag-iingat:

* Para sa limang araw kasunod ng malapit na pakikipag-ugnayan sa isang positibong tao (na nabakunahan o gumaling nang wala pang 120 araw, o nakatanggap na ng pangatlong dosis) ay maaaring lumabas at hindi na kinakailangang isagawa ang anumang quarantine, ngunit dapat gumawa ng self-diagnosis sa kanyang estado ng kalusugan;

* Kailangan na isagawa ang antigen rapid test o molecular test para tuklasin ang antigen Sars-Cov-2 sa unang paglitaw ng mga sintomas (kabilang ang sipon) at, kung may sintomas pa rin, sa ikalimang araw kasunod sa petsa ng huling malapit na kontak sa taong nakumpirmang positibo sa Covid 19.

Ang mga test ay maaari ding isagawa sa mga pribadong sentro na awtorisado, at ang operator na nagsasagawa ng mga pagsusuri at diagnosis ay dapat magpadala ng ulat sa lokal na ASL upang ipaalam ang negatibong resulta, para mapatapos na ang self-diagnosis.

Ang self-surveillance ay may bisa para sa nabakunahan at gumaling nang wala pang 120 araw o mga taong nakatapos ng pangunahing siklo ng bakuna (1 at pangalawang dosis), mga nabakunahan ng booster dose (Booster dose), kung hindi ay isasagawa ang health regime na **precautionary quarantine ng limang araw**, na matatapos sa isang negative swab test result. Sa susunod na limang araw pagkatapos bumalik mula sa quarantine, ang mga mag-aaral na may edad na 6 pataas ay magsusuot ng ffp2 mask.

**PAGGALAW NG MGA DAYUHAN SA ITALY**
Sa lahat ng taong nagmula sa ibang bansa at may hawak na sertipiko na gumaling o nabakunahan ng mga awtorisadong bakuna (Pfizer, Astra Zeneca Janhnsen, Moderna) o kinilala bilang katumbas sa Italy (Covishield -Serum Institute of India- , produkto ginawa sa ilalim ng lisensya mula sa Astra Zeneca, R-CoVI (R-Pharm), produkto na ginawa sa ilalim ng lisensya mula sa Astra Zeneca, Covid-19 vaccine-recombinant (Fiocruz), produkto na ginawa sa ilalim ng lisensya mula sa Astra Zeneca), kung higit sa anim na buwan ang lumipas mula nang makumpleto ang cycle ng pagbabakuna o pagkatapos gumaling ang pag-access sa mga serbisyo at aktibidad ay pinahihintulutan gamit ang Enhanced Green Pass at pagkatapos magsagawa ng antigen rapid test (48-hour validity) o molecular test (72-hour validity).

Nalalapat din ito sa mga nabakunahan ng hindi awtorisadong mga bakuna o hindi kinikilala bilang katumbas sa Italya, ngunit tuwing pagkatapos maisagawa ang swab test..